PAMAHALAANG PANLALAWIGAN NG

# BULACAN

Buong kagalakan kong binabati ang ating mga magsisipagtapos para sa taong panuruan 2022-2023!

Ang pagtatapos na ito ay selebrasyon ng inyong pagtapak sa tulay na nagdudugtong sa inyong makabuluhang nakaraan at maningning na hinaharap. Tulay na simbolo ng inyong katatagang ipinamalas sa nakalipas na mga taon ng inyong pag-aaral. Tulay na magdadala sa inyo tungo sa panibagong yugto ng pagkatuto at palapit sa katuparan ng inyong pangarap.

Bilang ama ng lalawigan, ipinagmamalaki ko kayong lahat dahil sinasalamin ninyo ang husay, sipag at katatagan ng lahing Bulakenyo. Hanga rin ako sa inyong angking lakas ng loob at inisyatibong magkaroon ng malayang tinig at positibong ambag sa ating lipunan.

Kayo ay naririto ngayon dahil hinubog kayo ng mga aral ng nakaraan at patuloy na pinagtitibay ng inyong mga mithiin sa buhay. Bahagi ng inyong tagumpay ang pagkakapit-bisig ng paaralan, tahanan, pamahalaan at pamayanan. Ito ay upang masigurong kayo ay magkaroon ng ligtas at maayos na bahay-paaralan, mabigyan ng mataas na kalidad ng edukasyon sa epektibong pamamaraan, at matuto ng mabuting asal na inyong babaunin sa panibagong yugto ng inyong paglalakbay.

Ngayon ay ganap na kayong nakatindig. Handa na muli kayong sumulong at umani ng panibagong tagumpay. Sa pagkakataong ito, sisikapin ng ating pamahalaan, bilang katuwang ng Kagawaran ng Edukasyon, na ilawan at gawing mas matibay ang daan tungo sa katuparan ng inyong mga pangarap. Bagamat nariyan pa rin ang mga balakid sa landas na inyong tatahakin, panatag ang inyong lingkod na malalampasan niyo ang bawat pagkadapa, **dahil kayo ang makabagong kabataang Bulakenyo na pinatatatag ng panahon at ng ating matibay na sistema ng edukasyon.**

Kaya't humayo kayo at sikaping isabuhay ang mga gimintuang aral ng inyong inang paaralan. Sa inyong bawat pagsikad ay akayin niyo rin ang inyong kapwa kabataan upang lahat kayo ay matuto at umunlad. Sa pagkamit ninyo ng inyong pangarap ay huwag sanang mawaglit ang kaakibat nitong panawagan na maging responsable at mapagmalasakit kayong mamamayan ng ating bansa.

Mga minamahal kong magsisipagtapos, patuloy kayong magpakatatag, magpakahusay at magpakabuti dahil kayo ang mga tagapagmana ng mayamang kultura at ganap na kaunlaran ng ating lalawigan. Hangad ko ang isang masaya at makahulugang paglalakbay para sa inyong lahat.

Maraming salamat at mabuhay ang kabataang Bulakenyo!



**GOB. DANIEL R. FERNANDO**

*"Sipag at Tapat na Naglilingkod sa Inyo."*

